ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KATEGORISASYON NG MGA PANULTIHUN NG MATALOM, LEYTE, PHILIPPINES

**Marie Rose B. Gerona, MAED**
*Teacher III, Matalom National High School, Matalom Leyte, Philippines*

## ABSTRACT

*Finding the theme in the proverbs of Matalom, Leyte, is the aim of this study. This study employed a descriptive qualitative methodology. Participants in the study were 60 years of age or older and were from the town of Matalom. One of the study's tools was the collection of proverbs from the participants. There are 345 proverbs gathered from the town of Matalom, Leyte and six (6) categories are included in the proverbs. It has been found in the proverbs that many of them have been involved in the Proverbs Expressing General Truths and Observation About Life and Human Nature (Category 4), followed by Miscellaneous Proverbs (typically expressive of specific realities to a certain area (Category 6), The proverbs expressing a system of values (Category 3), the fourth Proverbs Expressing a General Attitude Towards Life and the Laws That Govern belonging to ethical proverbs recommending certain virtues and condemning certain vices (Category 2). In the findings the researcher realized that proverbs are a useful tool for enforcing the law of good manners. They are also an effective way to expand the dissemination of advice, education, reminders, and etiquette instruction, particularly for young people who are highly infected with the liberal thinking of the new generation, which lacks an appreciation for proper behavior. It is recommended that researchers have more study in the people's wisdom in other towns of Southwest Leyte.*

**KEYWORDS:** *Category; Ethical Proverbs; Good Behavior; Humorous Proverbs; Virtues*

## 1.0 INTRODUKSIYON

Ang karunungang bayan ay bahagi na ng kulturang Pilipino kaalinsabay ng pag-usbong ng sibilisasyon ng isang bayan. Ito ay bahagi ng kasaysayan na may layuning makapagbigay aliw at higit sa lahat ng karunungan sa mga mamamayan. Ito rin ay kasangkapaan sa pagpasalin-salin ng tradisyon, kultura at kalagayang sosyal ng isang lipunan. Kabilang sa karunungang bayan ang salawikain, sawikain, kasabihan, palaisipan, kawikaan, bulong, at bugtong na kung saan may iba- ibang tawag sa iba't ibang lugar. Katulad lamang ng salawikain, sawikain, kasabihan, palaisipan, at kawikaan na iisa lamang ang tawag nito sa bisaya, ito ay tinatawag na *panultihun*. Ayon kay Redoblado (2017) ang *panultihun* (*proverbs*) ay pahayag ng mga pag-uugali at paniniwala ng isang partikular na kultura at nilayon na magturo ng mga pagpapahalaga. Dagdag pa niya, ang *proverbs* ay kilala sa Filipino bilang kasabihan, *panultihun o pagja* sa Cebuano, *kasebian* sa Pampango, at *humbaton or hurobaton* sa mga Ilonggo. Pinili ng mananaliksik ang salawikain dahil nang kinokontekstwalisado ng mananaliksik ang aralin at nagbigay ng halimbawa ng mga *panultihun*, walang mag-aaral ang nakasagot sa pagpapakahulugan nito.

Ayon kay Eugenio (2015) ang salawikain o kawikaan o kasabihan ay mga maiiksing pangungusap na lubhang makahulugan dahil ito'y mga karunungang hango sa karanasan at naglalayong magbigay patnubay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao, at kadalasa'y kapupulutan ng mga magagandang aral at halimbawa. Dagdag pa niya, may anim na kategorya ang salawikain ang pag-uugali, etika, balyu, *human nature*, pampalipas oras, ekspresyon (*attitude, ethical, values, human nature, humorous, expression*). Sa antolohiya ni Eugenio (2008), inuri niya ang mga salawikain sa anim na kategorya: (1) mga salawikain na nagpapahayag ng pangkalahatang saloobin sa buhay at ang mga batas na namamahala sa buhay *(proverbs expressing a general attitude towards life and the laws that govern life)*; (2) mga etikal na salawikain na nagrerekomenda ng ilang mga birtud at pagkondena sa ilang mga bisyo *(ethical proverbs recommending certain virtues and condemning certain vices)*; (3) mga salawikain na nagpapahayag ng isang sistema ng mga pagpapahalaga *(proverbs expressing a system of values)*; (4) mga salawikain na nagpapahayag ng mga pangkalahatang katotohanan at obserbasyon tungkol sa buhay at kalikasan ng tao *(proverbs expressing general truths and observations about life and human nature)*; (5) nakakatawang salawikain *(humorous proverbs)* at (6) sari-saring salawikain *(miscellaneous proverbs)*.

Ayon nina Batohinog (2020) at Llaneta (2020) tungkulin ng bawat guro na panatilihin at pagyamanin ng bawat puso at damdamin ng mag-aaral ang mga sariling panitikan. Hindi maipagkaila ang katotohanan na marami sa mga mag-aaral ay unti-unti ng kinalimutan ang mga lokal na panitikan dahil sa mga naglilipana na mga bagong programa sa telebisyon at sa mga *google sites* na kinagigiliwan ng mga kabataan ngayon. Dahil dito lalong naudyok ang mananaliksik na suriin at kilalanin ang mga *panultihun* ng Matalom at ang kahulugan nito. Hindi masisi ng mananaliksik kung bakit kulang ng kaalaman ang mga mag-aaral sa sariling panitikan dahil ang karaniwan namang ibinibigay ng mga gurong halimbawa ay mula sa aklat at internet. Binahagi ni Llaneta (2020) na hindi masisi ng mga guro kung bakit hirap ang mga mag-aaral sa mga sariling panitikan dahil ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

halimbawang binibigay sa mga estudyante ay pawang makikita sa mga aklat at internet na mula ito sa ibang lugar o rehiyon. Samakatuwid, ang guro ay isa sa mga posibling mga dahilan kung bakit binabalewala ng mga kabataan ang sariling panitikan. Kaya iminungkahi ni Marbella (2020) ang guro ay kailangan magmamalasakit sa pagpapanatiling buhay sa diwa ng mga mag-aaral sa mga lokal na panitikan. Huwag hayaang unti-unti nang nawawalan ng saysay ang alamat, kwentong bayan at mga karunungang bayan sa puso at isipan ng mga kabataan.

Umaasa ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo. Ang awtput ng pananaliksik na ito ay magagamit sa pagtuturo sa Filipino 8 upang maging madali pagkontekstwalisa sa aralin. Ang nabuong awtput na isang bokabularyo ng mga *panultihan* mula sa bayan ng Matalom at isang learning materials ay magsisilbing *supplementary materials* na magagamit sa mga guro sa Distrito ng Matalom. Ang pag-aaral na ito ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapahalaga sa mga lokal na panitikan at higit sa lahat paraan ito para maipreserba ang mga *panultihun* ng Matalom. Layunin ng pag-aaral na ito ay makilala ang kahulugan, tema at mga *emergent categorization* ng mga *panultihun* ng Matalom, Leyte.

## 2.0 KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Pinagbabatayan sa pag-aaral na ito ang pahayag nina Pagkalinawan et al., (2006) ang pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ay paraan upang makilala ang nakaraan. Nakaangkla rin sa pag-aaral na ito ang pahayag ni Eugenio (2008) na naglalahad tungkol sa kategorisasyon ng *panultihon* (*proverbs)* na siyang naging basehan sa paghahanay ng mga nakalap na *panultihon*.




*Figura 1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral*

Masasalamin sa panitikan ang buhay at dahil dito mababatid ang estado ng pamumuhay at paraan ng pakikipamuhay ng mga tao sa lipunang ginagalawan at kulturang kinabibilangan. Pinagbabatayan ang pahayag na ito sa ginawang pag-aaral. Ang konsepto nina Pangkalinawan, et al., (2006) ay nagpapahiwatig na sa panitikan tulad ng karunungang bayan ay mas pinapatalas ang isip at ang puso ng tao. Ang buhay ng tao noong unang panahon ay inilalarawan sa panitikan na hindi maaaring iwaglit.

Sa pag-aaral na ito kinilala ang mga temang napapaloob sa mga *panultihun* (salawikain, sawikain, kasabihan) ng Matalom. Naaayon sa pag-aaral na ito ang konsepto nina Pangkalinawan, et al., (2006) dahil sinuri rito ang estado ng buhay at ganoon din ang kulturang ipinakita sa mga karunungan bayan. Ayon kay Martono (2018), kapaki-pakinabang ang pagsusuri ng mga akdang panitikan dahil instrumento itong makikilala ang bawat bayan sa kanilang sari-sariling kultura at sari-sariling identidad. Kaya karaniwan lamang na may sariling panitikang naglalahad ng tangi at tunay na pagkatao, pagkalahi at pagkabansa na tanda ng sariling pagkakakilanlan.

Mahalaga sa isang komunidad ang karunungang bayan dahil hindi lang ito napagkukunan ng mga mahahalagang aral kundi ito rin ang nagiging instrumento upang hindi mawala ang mahahalagang kaugalian at kultura ng isang lugar. Kaugnay sa konsepto nina Pagkalinawan, et al., (2006) ipinaliwanag ni Daniel (2013), na ang bawat kultura ay koleksiyon ng mga kasabihan, bugtong, kawikaan at salawikain na kapupulutan ng talino na nagbibigay ng payo sa pamumuhay ng mga tao. Kaya itinuturing ni Llaneta (2020), na ang karunungang-bayan ay isa sa mga pinakamahalagang paraan sa pagpapamana ng mga mahalagang kaugalian o mga mabuting pag-uugali.

Nakasalig din sa ang pag-aaral na ito ang pahayag kay Eugenio (2008) sa kanyang kategorisasyon ng *panultihon.* Ibinahagi at inuri niya sa kanyang antolohiya ang mga salawikain sa anim na kategorya: (1) mga salawikain na nagpapahayag ng pangkalahatang saloobin sa buhay at ang mga batas na namamahala sa buhay *(proverbs expressing a general attitude towards life and the laws that govern life)*; (2) mga etikal na salawikain na nagrerekomenda ng ilang mga birtud at pagkondena sa ilang mga bisyo *(ethical proverbs recommending certain virtues and condemn in certain vices)*; (3) mga salawikain na nagpapahayag ng isang sistema ng mga pagpapahalaga *(proverbs expressing a system of values)*; (4) mga salawikain na nagpapahayag ng mga pangkalahatang katotohanan at obserbasyon tungkol sa buhay at kalikasan ng tao *(proverbs expressing general truths and observations about life and human nature)*; (5) nakakatawang salawikain *(humorous proverbs)* at (6) sari-saring salawikain *(miscellaneous proverbs)*. Sa kategorisasyong ito nahahanay ang nakalap na *panultihun* at sa pamamagitan nito makilala ang mga magandang nilalaman ng mga *panultihun* na masasalamin kung paano nabuhay, umibig, nagdusa, nangarap, namatay, nagdadalamhati at nararamdaman ang mga Matalomnon. Batid ng bawat guro na ang susi kung paano punan ang kakulangan ng impormasyon partikular sa kalagayang sosyal at kultural ng sariling bayan, pagsusuri ang magiging kasagutan.

Ayon kina Vallejos at Borong (2023), nararapat pulsuhan ng guro ang kanyang mga mag-aaral, damhin at pakinggan ang tibok ng kanilang puso at pag-aralan ang kanilang kinahiligan. Mga makabagong anyong panitikan ang kinahihiligan ng mga kabataan sa kasulukuyan at naniniwala ang mananaliksik na nararapat sa kanila na magkakaroon ng kaalaman ang nakaraan upang sa ganoon mapahalagahan at maunawaan ang estado o sitwasyon ng sariling bayan. Itinalaga sa CHED Memorandum Blg. 59, s.1996 na may layuning maituro ang panitikan ayon sa

rehiyong kinabibilangan. Lalong nahimok ang mananaliksik sa memorandum na ito dahil ang mga kalipunan na karunungang bayan ay maituring isang lokal na akda na magagamit sa distrito ng Matalom.

Sa kasalukuyang panahon ng makabagong Pilipino ang oryentasyon sa pagtanaw sa buhay at pag-unlad sa pamumuhay bukod sa hubog-kolonyal ay hilig seyensiya at teknolohiya at industriya ay napakasakit at nakapanghihinayang isipin na ang mga napapaloob na pagpapahalagang moral at kultural sa mga nalimbag na mga akdang pampanitikan ay wala ng kabuluhan. Iminungkahi ni Pelias (2018), na ipagpapatuloy ang pagmamalasakit sa sariling panitikan sa pamamagitan ng pagsusuri upang gisingin ang damdamin ng mga kabataan na pawang social media at mass media ang naghari ng kanilang damdamin. Ang mga guro ay may kakayahang mabago ang mga pananaw ng kanyang mga mag-aaral kaya patuloy na nag-iisip kung anong mga estratehiya at inobasyon para matugunan ang kompetensi at higit sa lahat sa nilalayon ng K to 12 kurikulum. Sinikap ng mananaliksik na pagkatapos masuri ang mga *panultihun* makabuo ng isang makabuluhan at kapaki-pakinabang na *teaching materials* na magagamit sa mga guro bilang *supplementary materials*.

## 3.0 METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo sa paraang tematiko at deskriptibo. Desinyong deskriptibo dahil ang sinuri sa pag-aaral ang kahulugan, tema at mga *emergent categorization* ng mga *panultihun* ng Matalom, Leyte**.** Kumuha ang mananaliksik ng labinlimang (15) kalahok sa bawat barangay na mula sa iba't ibang kategorya (upland, lowland at coastal). Kumuha ang mananaliksik ng tigtatatlong barangay sa bawat kategorya. May kabuuang 135 na mga kalahok ang pag-aaral na ito. Mga kalahok na may edad 60 pataas ang kinuha ng mananaliksik.

Ang instrumento para sa pag-aaral na ito ay ang mga nakalap na karunungang-bayan partikular ang *panultihun*. Ang *panultihon* ang siyang sinuri para malaman ang temang napapaloob dito. Ito ay nagmula sa interbyu at mga katanungan na gamitin ng mananaliksik sa pagkalap ng datos. Ang mananaliksik ay may nakahandang pitong katanungan upang maging gabay para sa pagkalap ng mga datos. Ginamit din ang audio at video recorder ang mananaliksik upang makuha lahat na impormasyon at ipapangako na tanging mananaliksik lamang ang makakaalam nito. Nang nakakuha o nakapili na ang mananaliksik ng mga kalahok, tinanong niya ang mga kalahok sa kanilang bakanteng oras. Habang ibinigay ang mga katanungan ng mananaliksik ginawa rin ang interbyu gamit ang audio at video recorder. Ipinaalam at humingi rin ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kalahok na gagamit ng audio at video recorder ang mananaliksik upang makuha lahat na impormasyon at ipinangako na tanging mananaliksik lamang ang makakaalam nito.

Pagkatapos makuha ang mananaliksik ang mga datos ay sinuri niya sa kung anong kategorisasyon ito napabilang, pagkatapos masuri ay ipina-verify ito sa mga ebalweytors at nagkaroon ng Focus Group Discussion (FGD) kasama ang gurong nagtuturo sa Filipino o English na may limang taon ng karanasan sa pagtuturo at pawang nakatapos ng MAT o MAED . Ipinaliwanag ng mananaliksik ang kanilang gagawin. Habang ipina-verify ng ng mga ebalweytors ang mga datos, gumawa ang mananaliksik ng kalipunan ng mga karunungang bayan sa Matalom. Pagkatapos masuri ng mga guro ang datos bumuo ang mananaliksik ng kagamitang pampagtuturo (teaching material) at ito ay ipinasuri sa mga master teacher sa Filipino. Tematikong Pagsusuri (Thematic Analysis) ang paraan ng pagsuri ng datos. Ang tematikong pagsusuri ay ginamit para sa mga kwalitipikong pananaliksik kung saan nagtipon ang mga mananaliksik ng descriptibong datos upang masagot ang kanyang problema sa pananaliksik. Nang natipon ang datos, ang mananaliksik ay sinuri ang mga umusbong na pattern, tema, sub-tema at iba pa. Sa pagsusuri sinunod ang hakbang na iminungkahi nina Datt at Chetty (2016). Pagkatapos makuha ang panultihun ng Matalom, Leyte isang tematikong analysis ang ginawa ng mananaliksik batay sa "Categories of Proverbs" ni Damiana L. Eugenio. Ang nabuong kategorisasyon ay binalikan ng mananaliksik ang mga kalahok upang sumangguni kung ang naturang panultihun ay akma ba ang napabibilangan na kategorisasyon at higit sa lahat ang mga kahulugan sa bawat panultihun ay tama.

## 4.0 RESULTA NG PAG-AARAL

Inilahad sa bahaging ito ang resulta ng pagkilala sa mga *panultihon* at kahulugan nito at ganoon din sa pagkilala kung saang kategorya ito napabilang. Ang mga sinuring *panultihun* ay mula sa bayan ng Matalom.

**Mga Panultihun ng Matalom, Leyte at ang Kahulugan**

Ang Talahayanayan 1 ay iilan lamang sa mga nakalap na panultihon mula sa bayan ng Matalom, Leyte na may mga kahulugan. Ang kabuuang nakalap na mga panultihun ay makikita sa awtput ng pag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1: Mga Panultihun ng Matalom, Leyte at ang Kahulugan Nito**

| Mga Panultihun | Kahulugan |
|---|---|
| Abtan og siyam-siyam | Sobrang tagal |
| Ang gaba di magsaba | Ang karma ang kusang darating |
| Ang kaharuhay adunay kalipay wala sa ka adunahan. | Hindi masusukat ang kaligayan base sa kalagayan sa buhay |
| Ang kinabuhi, sama sa usa ka ligid usahay naa sa taas, usahay sa ilawom | Ang takbo ng buhay ay nagbabago |
| Ang samad sa kumingking, bation sa tibook lawas | Pagkakamali ng isa kasalanan ng lahat |
| Ang takna walay paglihay | Hindi na mababago sa nakasanayan |
| Bahalag makadungis sa kakugi kaysa mamuti sa ka arte | Bahala na kung maging madungis basta may kita |
| Balhiboon og dila | Naninirang puri |
| Banga pa sa tadyaw | Walang alam |
| Basa na og papel | Hindi mapagkakatiwalaan |
| Bata pa ang oras | Maaga pa |
| Duol man sija sa luwag | May kapit na ma impluwensyang tao |
| Duol sa hinawan | Malapit sa ma impluwensya na tao |
| Hadla kini sa kinabuhi | Pagsubok sa buhay |
| Hait og dila | Mahilig mangutya |
| Latid sa kapalaran | Guhit ng palad |
| Lawod lawod pangan mouli sa katungan. | Kahit saan tayo dalhin ng ating buhay, uuwi tayo sa ating sariling bayan |
| Maayo mag sili kay mo hang dayon | Ang parusa ng Diyos ay hindi darating agad -agad |
| Nagdungaw sa linaw, namatay sa kauhaw | Dukha |
| Nagtangag daan ug bulawan | Pinanganak na mayaman |
| Naglugdo ug balaod | May sariling prinsipyo |
| Nagtuyok pa ang kalibutan | May pag-asa pa |
| Walay Marcosa'y | Walang dayaan |

Makikita sa Talahanayan 1 na ang bayan ng Matalom ay mayaman sa mga *panultihun*. Ayon sa mga kalahok na ininterbyu ng mananaliksik bukambibig ng mga matanda ang mga *panultihun* noon at ngayon sa tuwing magbibigay sila ng mga payo at kapag nakakita sila ng hindi maganda sa kanilang mga anak, mga apo at kahit sa kanilang mga kapitbahay. Idinagdag ng mga kalahok na ang mga *panultihun* ay mula pa sa mga ninuno na kanilang inaalagan upang maipasa sa susunod na mga henerasyon. Sinabi pa ng mga kalahok ang mga *panultihun* ay isa sa mga mahalagang kultura ng ating bayan ngunit wari'y naisasawalang bahala na lamang ng karamihan lamang lalo na sa mga kabataan. Sabay ng pag-usad ng teknolohiya sa buong mundo ay ang dahan-dahan ding paglimot ng mga kabataan sa mahahalagang bagay na itinuro pa sa atin ng ating nakaraan. Ayon kay Calibayan (2015) ang mga *panultihan* o kasabihan ay malaki ang nagiging bahagi na sa buhay ng ating mga ninuno. Ito ang kanilang patnubay sa pamumuhay sa iba't ibang pagkakataon. Nakaugalian na itong sabihin at nagsisilbing batas at tuntunin ng kagandahang asal ng ating mga ninuno.

Sabi ng mga kalahok ang mga *panultihun* ay ginamit nila kaysa sa tahasang sasabihin ang mga nakikitang lumilihis na paniniwala para hindi masyadong masakit sa damdamin. Ayon kay Uriarte (2019) ang karunungang bayan tulad ng mga kawikaan o *panultihon* ito ay isang sangay ng panitikan na nagiging daan upang maipahayag ang mga kaisipan na napapabilang sa kultura ng bawat tribo. Pero napansin na marami sa mga ito ay ipinagwalang bahala lalo na sa mga kabataan. Ipinaliwanag pa ni Uriarte (2019) ang mga kawikaan ay nagsisislbing saligan ng pagkakakilanlan ng isang bayan na sa diwa nito ay makatutulong upang mapagyaman ang kaisipan at ugali ng isang mamamayan. Sa paraang makilala at mapayaman ng mga tao lalong-lalo na ang mga kabataan ang sariling panitikan, mas pahahalagahan pa nila ito at mamahalin bitbit ang kabatirang ito ay bahagi ng kanilang pagkatao. Kaya marapat lamang na tangkilikin at paunlarin ang mga ito dahil nagtataglay ito magandang mensahe.

Nangangahulugan lamang na ang *panultihun* ay ginamit para sa pampaalala, pampayo at paghubog sa mga magagandang ugali ng mga kabataan. Ipinahiwatig lamang ito na ang mga *panultihun* ay payamanin at panatilihin dahil ito ay mga katutubong panitikan na maituturing na kabang yaman ng bansa ma sasabing pamanang kultural na nagiging bahagi na ng ating kasaysayan. Kailangan itong linangin ng bawat tao tungo sa isang maganda, maayos at mapayapang pamumuhay.

**Mga *Emergent Categorization* sa mga Panultihun sa Matalom**

Nakuha mula sa Word of Wisdom (2015) ang sinabi ni Eugenio (2015) na isang tinaguriang *mother of Philippine Folklore* na ang mga kasabihan ay may anim (6) na kategorya ang mga kawikaan. **Una** ang *proverbs expressing a general attitude towards life and the laws that govern life.* **Pangalawa** ang *ethical proverbs recommending certain virtues and condemning certain vices.* Ang **pangatlo** ay *proverbs expressing a system of values*, **pang-apat** na kategorya ay ang *proverbs expressing general truths and observations about life and human nature*, **panlima** ay ang *humorous proverbs* at ang **pang-anim** at huling kategorya ay *miscellaneous proverb (typically expressive of specific realities to a certain area).*

Sa resulta ng pagsusuri sa 349 na nakalap na *panultihun* natuklasan na nangungunguna ang *proverbs expressing general truths and observation about life and human nature (category 4),* ito ay sinundan *miscellaneous proverbs (typically expressive of specific realities to a certain area (category 6),* pumangatlo ang *proverbs expressing a system of values (category 3),* pang-apat ang *proverbs expressing a general attitude towards life and the laws that govern life (category 1),* panlima ang *humorous proverbs (category 5) at* ang *ethical proverbs recommending certain virtues and condemning certain vices (category 2)* ang pang-anim.

**Kategoryang *Proverbs Expressing General Truths and Observations About Life and Human Nature***

Ang kategoryang ito ay tumatalakay sa pangkalahatang saloobin sa buhay at mga batas na namamahala sa buhay. Tinukoy rito ang likas na katangian ng tao ay natural na tumutukoy sa kanilang mga aksyon, damdamin at paraan ng pag-iisip habang ang mga pagmamasid sa buhay ay ang paraan sa kung paano nakikita ng mga tao ang buhay sa pangkalahatan. Tulad halimbawa ng iilang mga sumusunod na *panultihun* na napabilang sa kategoryang ito:

| **Panultihun** | ***Kahulugan*** |
|---|---|
| Abtan ug siyam-siyam | *Sobrang tagal* |
| Anad pas tukmu | *Madaling sagutin ang mga lalaki* |
| Ang kinabuhi, sama sa usa ka ligid usahay naa sa taas, usahay sa ilawum | *Ang takbo ng buhay ay nagbabago* |
| Ang samad sa kumingking, batiun sa tibuuk lawas | *Pagkakamali ng isa kasalanan ng lahat* |
| Ayaw pagbantay sa ikug sa uban basin ug mas taas pa ag imung ikug. | *Huwag manira ng puri kung ikaw ay maninirang puri* |
| Humuk ug ilung | *Madaling mauto* |
| Humuk ug kasingkasing | *Mapagbigay* |
| Langaw'g puwag lubut | *Malikot* |
| Naglugdu ug balaud | *May sariling prinsipyo* |
| Nagtujuk pa ang kalibutan | *Mag pag-asa pa ang buhay* |
| Puti ug itlug | *Duwag* |

A

ng mga *panultihun* na ipinakita ay pawang nagpapakita ng *nagpapahayag ng mga pangkalahatang katotohanan* sa mga ugali na tao. Ang inilahad at ang kahulugan ng mga *panultihun* sa talahanayan ay nagpapatunay lamang na ang panitikan ay ginagamit sa paghubog sa magagandang saloobin ng tao. Binahagi ng mga iilang kalahok na noo'y hindi mawawala ang mga *panultihun* na gagamitin nila araw-araw kahit sa anumang mga sitwasyon tulad sa pagpapaalala. Binahagi pa ng kalahok na bahagi na sa buhay ng mga matatanda noon ang mga *panultihun* sa kanilang araw-araw na pakikipagtalastsan. Ipinaliwanag pa ng mga kalahok sa mananaliksik na ang mga *panultihun* ay may dalang aral at kadalasan ay nagpapahiwatig ng sentimyento ng isa o grupo ng mga tao na ito ay kinapapalooban ng mga mabubuting payo na hango sa tunay na buhay bilang gabay ng mga bata at matatanda sa pakikisalamuha sa matuwid na landas ng buhay.

Ang pahayag ng mga kalahok ay may kaugnayan sa pahayag ni Llaneta (2020) na nagsabing ang mga karunungang bayan ay nagsisilbing gabay sa mga lumilihis ng paniniwala. Ito ay mahalaga sa ating buhay dahil ito ay sumasalamin sa ating mga emosyon na kadalasan hindi nating maaaring ipalabas. Kaya naman, bilang miyembro ng lipunan, tayo ay napag-iisa ng panitikan tulad ng mga karunungang bayan. Ipinaalaala rin ni Calibayan (2015) na ang mga karunungang bayan tulad ng *panultihun* (kasabihan, kawikaan) ay napakainam gunitain ang mga mabubuti at mayayamang kaugalian at tradisyong itinuturing na mga ginintuang alaala na mula pa sa ating mga ninuno na dapat panatilihing buhay sa ating puso't tagapagmansag ng tunay na kaugaliang Pilipino.

Ang pahayag ni Calibayan (2015) ay isa ito sa binigyan-diin ng mga kalahok mula sa bayan ng Matalom, na sinabing panatilihin at dapat payamanin ang mga sariling *panultihun.* Dahil sabi nila ito ay mga kawikaan ng mga ninuno na napapalooban ng mga ginintuan aral. Ang pahayag ng kalahok ay nakapagtanto ng mananaliksik ang mga *panultihun* ng matatanda ay suriin at unawain dahil kahit simpling kawikaan ay may ipinahiwatig.

Ipinahawatig lamang na ang mga nakalap na mga panultihun na napabilang sa emergent category na *proverbs expressing general truths* ay ginagamit ang mga ito sa mga pagpaalala sa mga taong nawalan ng pag-asa, pagpapayo at sa mga kilos na hindi maganda. Ang mga mga ito ay ang kadalasang nararamdaman ng

Matalomnon sa araw-araw na pakikipagsalamuha sa kapwa at pakikibaka sa buhay. Nangangahulugan laman na ang mga *panultihun* ng Matalomnon na karamihang hindi pinansin sa mga karamihan lalo na sa mga kabataan ay may malaking ginagampanan sa paghubog sa buhay ng pagkatao ng bawat indibidwal.

***Miscellaneous Proverb***

Sa kategoryang ito ang mga *panultihun* na napabilang dito ay nagpapahayag ng mga tiyak na katotohanan sa isang tiyak na punto. Ang mga ito ay magkakaiba-iba sa likas na katangian na bawat indibidwal. Ang mga *panultihun* ay nagpapakita ng tiyak na katotohanan sa ating pang-araw-araw na kilos o gawain tulad ng pakikipagkapwa, pakikisalamuha sa mga kasama sa trabaho o kaya sa paghahanapbuhay na masasalubong masasalamuha ang iba't ibang uri ng tao kakilala man o hindi. Ang iilang halimbawa ay ang mga sumusunod:

| Mga Panultihun | Kahulugan |
|---|---|
| Ang gaba di magsaba | *Ang karma ang kusang darating* |
| Baga pana sija ug bulsa | *Maraming pera* |
| Bata pa ang oras | *Maaga pa* |
| Duul sa kusina iyang inahan | *May baker* |
| Hadla kini sa kinabuhi | *Pagsubok sa buhay* |
| Kulub ang kaldiru | *Walang trabaho* |
| Maglana ug putut | *Walang maasahan* |
| Magtumba ug baka | *Malaking salo-salo* |
| Malisu pay buku sa kawayan | *Hindi na mababago* |
| Muputi pay uwak | *Walang pag-asang mangyari* |
| Murag gitilaan sa haw | *Sobrang linis ng plato matapos kumain* |
| Nagsinardinas mi sa bay | *Masikip* |

Ang makikitang halimbawa at sa mga pagpapaliwanag ng kalahok ay malinaw na ipinahiwatig dito na ang mga *panultihun* ay isang karunungang-bayan na nagtataglay ng mga nakatagong kahulugan na maituturing isang malaking hamon lalo sa mga guro sa kasalukuyan dahil ang mga *panultihun* ay nangangailangan ng mataas na lebel na pagpapakahulugan. Malaking hamon dahil bilang isang guro na napabilang sa bagong henerasyon kahit ang iilan nito ay lagi ng narinig mula sa mga magulang at sa lolo at lola ay hindi alam kung ano ang ibig sabihin nito. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito isang malaking tulong at kaginhawaan ng mananaliksik lalo na ang mga kasabihan ay bahagi ng kompetensi sa kanyang klase. Maituturing din itong hamon dahil ang mga kabataan sa kasalukuyan ay naaaliw sa mga babong kasabihan tulad ng *hugot*. Ito ang isa sa mga rason kung bakit hindi nila maisapuso ang mga *panultihun* na kanilang narinig dahil hindi nila alam kung ano ang ipinahiwatig nito. Pero kung *hugot* ang kanilang naririnig madali nilang maiugnay dahil alam nila kung ano ang ibig sabihin nito.

***Proverbs expressing a system of values***

Sa kategoryang ito ay inilalarawan ang lahat na ginawa ng tao ay may karampatan *award* na naaayon sa kanyang ginawa. Ibig sabihin kung gumawa ang tao ng isang kabutihan suklian ito ng kabutihan. Kung gumawa ng kasamaan suklian din siya ng kasamaan. Ang mga *panultihun* ay ginagamit sa paglalarawan sa mga ikinikilos ng tao. Ilan sa halimbawang *panultihun* na napabilang sa kategoryang ito ay ang mga sumusunod:

| Mga Panultihun | Kahulugan |
|---|---|
| Kung unsa ang imung gikuha, mau sad ang bayad | *Ang ganti ng sala na iyong ginawa ay pareho lang din sa iyong ginawa* |
| Kung magtanum naay maani | *Masisipag* |
| Kung mag-antus masantus | *Sakripisyo* |

Sa mga ibinahagi ng mga kalahok at ang mga napapaloob na kahulugan sa mga *panultihun* na napabilang sa kategoryang ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Calibayan (2015) na ang mga panitikan tulad nga mga salawikain, kasabihan at kawikaan ay isang sining na maayos at magandang pagpapahayag ng damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa kanyang sarili o sa pakikitungo niya sa kapwa. Ang mga ito ay maituturing na isang yaman ng bansang Pilipinas na nararapat lamang na pahalagahan at payabungin sa pamamagitan ng mas higit na pag-aaral at pagpapalaganap partikular sa mga kabataang hindi batid ang kahulugan at kahalagahan ng mga ito dala ng impluwensya ng makabagong panahon. Sang-ayon ang mananaliksik sa pahayag ni Calibayan (2015) dahil bukod sa ngayon pa narinig ng mananaliksik ang karamihan sa mga *panultihun* at may ibang *panultihun* na pamilyar ngunit ngayon lang nalamang ng mananaliksik ang kahulugan nito. Samakatuwid hindi maipagkaila kung bakit maraming sa mga kabataan hindi batid ang kahulugan ng mga *panultihun.* Kaugnay nito nabahala sina Aldovino, Benedicto, Cuevas, Ilao at Mediarito (2019) sa resulta ng kanyang pagsusuri na marami sa mga mag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

aaral sa Lucena City na walang ideya kung ano ang kahulugan o ibig sabihin ng mga pinasagot na mga kasabihan. Ipinaliwanag nila na ang mga kasabihan ay mga mga pasalindilang panitikang na maaaring mas mahasa ang kaisipan ng mga bata at matamo ang mga aral at mensahe na nais ipabatid nito.

Malinaw na ang ipinakita rito na ang mga *panultihun* na napabilang sa kategoryang ito nakapokus sa pagpapahalaga ng magagandang saloobin o ugali. Sa mga *panultihun* mapapansin binibigyan-diin ang ugali ng tao. Tulad ng ugaling pagiging masipag at dangal ng tao ay may malaking kinalaman ang pagtingin ng kapwa sa lipunan kanyang ginagalawan.

**Kategoryang *Humorous Proverbs***

Ang *humorous proverbs o panultihun* ay maaaring nakatatawa sa isang partikular na konteksto o paggamit, ngunit hindi ito nangangahulugan na ang mga teksto ng kawikaan mismo ay nakatatawa. Ilan sa mga halimbawa ay ang mga sumusunod:

| Mga Panultihun | Kahulugan |
|---|---|
| Nahagbung sa bilat sa kabaw | *Nasayang lang ang lahat na pinaghirapan* |
| Utang lipay, sukut likay | *Nahihitrapna sa paniningil ng utang* |

Sa kategoryang ito ang *panultihun* ay nakatatawa ang pahayag pero tagos sa puso ang kahulugan. Tulad halimbawa *utang lipay, sukut likay/lihay* nakatatawang *panultihun* pero naglalarawan ng katotohanan sitwasyon. Katunayan habang ginawa ang pangangalap ng datos may nakita ang mananaliksik na nakapaskil sa tindahan "way utang karun, ugma na" "utang lipay, sukut likay. Ipinaliwanag pa ng may-ari ng tindahan nakatatawa ang pahayag na ito pero tagos sa puso ang kahulugan kahulugan na hindi ka pwedeng mangutang.

Ang *humorous proverbs* ayon kay Voigt (2009), ito ay karaniwang itinuturing na "witty" (matalino/malaman), kaya't tila ito ay "nakatatawa". Ngunit, sa katunayan, ang ibig sabihin nito ay hindi nakatatawa. Ang mga kahulugan ng mga *panultihun* na makikita ay may kaugnayan sa mungkahi nina Hatipoğlu at Daşkın (2020) na nagsabing huwag ilibing sa limot ang mga karunungang bayan ng mga ninuno tulad ng kanilang mga kawikaan. Ang mga kawikaan ay nakakuha ng puso ng karanasan ng tao sila ay bahagi ng kultural na karunungang bumasa't sumulat at nagpapahayag ng ibinahaging kaalaman, pagpapahalaga, kasaysayan, at kaisipan ng isang lugar. Samakatuwid, ang pagtuturo/pag-aaral ng mga karunungang bayan sa mga klase ay maaaring humantong sa pagpapabuti ng kultural at cross-cultural sensitivity ng mga mag-aaral.

Ibig sabihin na may maraming nagbibigay pagpapahalaga ng mga karunungang bayan tulad ng kawikaan o *panultihun.* Pero batay sa personal na obserbasyon ang mga *panultihun* ay hindi na napansin ng mga kabataan. Sa katunayan sa klase ng mananaliksik marami sa mga mag-aaral ay hindi pamilyar ang mga ibinigay ng mga *panultihun.* Nagbigay puna ang mga kalahok tungkol sa pagbigay halaga ng mga kabataan ngayon sa mga *panultihun*. Marami sa mga kalahok na nagsabing noon ay pamilyar mula sa pagkabata ang katutubong sining tulad ng kawikaan o *panultihun.* Kaya ang naririnig naming mga *panultihun* mula sa aming lolo at lola, ina at ama, ay ipinasa rin ang mga katutubong karunungan sa aming mga anak. Ang pahayag ng kalahok ay may kaibahan sa kasalukuyan sitwasyon sa *panultihun* dahil iilan na lamang ang gumagamit o nakaunawa sa mga kabataan sa kasalukuyan. Ayon kay Gabor (2021) marami sa mga lokal na panitikan ay hindi na naituro ng mga magulang sa kanyang mga anak dahil sa mass media at sosyal media. Wala ng oras ang mga magulang ngayon na magkwento sa kanilang mga anak bago sila matulog at maglalaro ng bugtong dahil nakapokus na sa telebisyon at sa cellphone. Samakatuwid hindi maipagkaila kung bakit iilan na lamang ang nagbibigay halaga ng mga kabataan ngayon dahil posibling hindi na ito ginamit sa mga magulang.

**Proverbs *expressing a general attitude towards life and laws that govern life***

Sa kategoryang ito ang mga *panultihung* napabilang nito ay nakapokus sa pag-uugali ng tao na ang pag-uugaling ito ay may kaugnayan sa mangyayari sa kanyang buhay.

| Mga Panultihun | Kahulugan |
|---|---|
| Ang batang buutan garbu sa ginikanan | *Maipagmamalaki ng magulang ang anak na lumaking mabait* |
| Ang kaharuhay adunay kalipay wala sa ka adunahan. | *Hindi masusukat ang kaligayan base sa kalagayan sa buhay* |
| Ang malumung tubag muhupay sa kasuku | *Sumagot ng maayos para mawala ang galit* |
| Ayaw adtu ug gubat kun wala kay bala | *Huwag mong gawin kung hindi ka handa* |
| Bisag unsaun sa nangka manimahu kadugayan | *Walang tinatago na hindi na bubunyag* |
| Kung mubu ang habul, dapat kamau ka muluku | *Dapat marunong kang umayon sa buhay* |
| Latid sa kapalaran | *Guhit ng palad* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ayon kay Ajesta (2011) ang lahat ng karunungan ng mga tao, ng nabanggit sa pamamagitan ng lahat ng mga batas at mga kaso lumipas mula sa bibig sa bibig, sa bawat sali't salinlahi ay sa anyo ng mga kawikaan at mga katulad na anyong pampanitikan. Ito ay isang tunay na ang kwentong bayan ay nagsasabi na may malalim na kahulugan at nilalaman, naipon sa loob ng maraming mga taon ng buhay ng ating mga ninuno para sa siglo.

Nag-aalala si Lapore (2018) dahil batay sa kanyang obserbasyon marami sa mga karunungang bayan tulad ng salawikain ay ginawang modern o binago. Magandang paalala sa mga Pilipino ngunit dahil sa modernisasyon o pagbabago ang kasabihang ito ay naging *ang taong gipit sa bombay kumakapit.*

Sa pamamagitan ng mga karunungan bayan magkakaroon tayo ng ideyang masilip kung anong pag-uugali at paniniwala ang tinataglay ng ating mga ninuno noon maging ang isang lipunang ginagalawan. Samakatuwid sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga panultihun may pagkakataon tayong masilip kung ano-ano ang mga aral at diwang nakapapaloob dito. Nakakatulong ang mga *panultihun* upang mas mabigyang kulay at buhay ang mga kaalamang bayan ng Matalom.

Masasabing ang mga *panultihun* ay pawang paalala na may halong panunukso at nagtataglay ng payak na kahulugan. Ito ay bukambibig o sabi-sabing hinango sa karanasan ng buhay na nagsisilbing patnubay sa mga dapat ugaliin ng dapat indibidwal.

***Ethical proverbs recommending certain virtues and condemning certain vices***

Sa kategoryang ipinaliwanag ang isang moral at palaging mapag-isipan kung ano ang tama at mali. Samakatuwid ang mga *panultihung* ito ay simpleng nagtuturo o nagpapaliwanag kung ano ang tama at kung ano ang mali. Ibig sabihin nito ang mga *panultihun* ay nagpapahiwatig ng isang paalaala. Tulad ng *panultihung* "*Ang kang Pedro kang Pedro, ang kang Juan kang Juan".* Sa kabuuan ang mga *panultihun* ay nagtataglay ng iba't ibang mga mensaheng at kahulugan na pawang may kaugnayan sa paalala kung ano ang mga magandang ugaling dapat taglayin ng bawat indibidwal. Ayon sa mga kalahok ito ay "*sambingay"* na sadyang ginamit upang hindi lubos na masaktan kung ang pahayag ay nakasasakit sa damdamin.

Ayon ka Tolosa (2017) pumapangalawa ang karunungang-bayan sa kapupulutan ng aral sa buhay at nagpapatalas ng karunungan at isipan. Ang mga karunungang-bayan ay nagpapatalas ng isipan upang mag-isip at mabigyang-kahulugan ang mahahalagang kaisipang nakapaloob dito o ang mga salitang inilalarawan. Ang karunungang-bayan ay isa sa puwedeng mag-ehersisyo ng isipan sapagkat kapag nakabasa ang tao nito ay magdudulot ito ng pag-andar ng isipan upang ukilkilin ang natatagong dunong o ideya mula dito. Sa paglipas ng panahon, patuloy na nagbabago ang mga bagay-bagay maging ang ating panitikan lalong-lalo na sa ating kaalaman sa karunungang bayan. Sa klase ng mananaliksik naobserbahan na nahihirapan ang mga kabataan sa ngayon sa pagkilala sa mga *panultihun.* Samakatuwid ang resulta ng pag-aaral at ang nalikom na mga *panultihun* ay makatulong at makagawa ng solusyon sa kahirapan ng mga mag-aaral at ng mananaliksik sa pagkilala ng mga mensaheng napapaloob nito.

| **Mga Panultihun** | **Kahulugan** |
|---|---|
| Ang kang Pedro kang Pedro, ang kang Juan kang Juan | Dili mo kuhaon ang mga butang nga gipanag iya sa uban *(Huwag kunin ang hindi sayo)* |
| Gihatag na ang kamot hasta bukton lamjon | Nag abuser sa minghatag *(Huwag umabuso sa nagbigay)* |
| Gikuha sa maayong kamot | Gihilabtan nga walay pagmananghid *(Pinakialaman kahit hindi nagpa alam)* |
| Ikasa ba ang imong baynte sa peso | Ang imong kalindong ayaw ibaylo sa way ayo *(Huwag mong isugal ang iyong sarili sa hindi maganda)* |

## 5.0 KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

Sa result ng pagsusuri napagtanto ng mananaliksik na ang mga *panultihun* ay isang instrumento na nakatutulong upang magsilbing batas ng pangmabuting asal. Mabisang paraan para sa pagpapalawak pagbibigay payo, pagbibigay aral, paalala at magturo ukol sa kagandahang asal lalung-lalo na sa mga kabataan na masyado ng nahawa ang pag-uugali sa pagiging liberal na pag-iisip ng mga taong nabubuhay sa bagong henerasyon na wala ng pagpapahalaga sa tama at wastong pag-uugali. Sa resulta ng pag-aaral naimungkahi ng mananaliksik na magkaroon pa ng malawakang pag-aaral sa mga karunungang bayan sa ibang bayan ng Southwest Leyte at gamitin ang nabuong awtput bilang supplementary materials upang unti-unti maisapuso ng mga mag-aaral ang kagandang taglay ng mga *panultihun.*

## BIBLIYOGRAPI

1. *Ajesta(2011)Salawikaing Butuanon: Isang Pagsusuri sa Aral https://lsu.edu.ph/application/files/2314/7193/8442/Vol._16_No._1__Salawikaing_Butuanon___Isang_Pagsusuri_sa_mga_Aral.pdf*
2. *Batohinog, D. at Borong, N. (2021). Pagsusuri ng mga kilos at galaw sa mga piling festival ng Leyte gamit ang semiotic analysis.International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 6 (10).*
3. *Eugenio, D. (2015) Category of Proverbs https://www.slideshare.net/ladymantuano/proverbs-the-six-categories*
4. *Llaneta, R. (2020). Karunungang-bayang Irosanon: Isang pagtalunton. International Journal of Research Studies in Education, 9(8), 4555.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

5. *Marbella, F. (2020). Gamit ng mga masteradong tesis sa kalagayang sosyal at kultural ng mga Sorsoganon: Isang pagsusuri. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 8 (2).*
6. *Martono, M. (2018). Social values reflected in "Batu Dara Muning" an oral literature of Dayak Keninjal Tribe. ,JETL (Journal Of Education Teaching and Learning) 3(1), 34. DOI:10.26737/jetl.v1i1.459.*
7. *Pangakalinawan, L. G., et al. (2006). Literature of different regions [Panitikan sa iba't ibang rehiyon]. Mutya Publishing House.*
   *Pelias*
8. *Redoblado (2017) Exploring Literature and Grammar (Simoun Victor D. Redoblado, Brilliant Creations Publishing, Inc., 2017:3).*
9. *Tolosa (2017). Folklore. http://www.prezi.com.html*
10. *Uriarte. (2019). Reason for studying literature [Dahilan sa pag-aaral ng panitikan].*
11. *Vallejos, A. at Borong, N. (2023). Pagdalumat sa values na napapaloob sa isinulat na photo essay ng mga mag-aaral. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 4 (8).*
12. *Calibayan, M. (2016). Cultural values reflected on folk songs of Arumanen Manobo in Barangay Renibon, Pigcawayan North Cotabato, Philippines. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 3(4), 76-84.*